

VIRGINIA HURRICANE EVACUATION GUIDE

*DURING THE
COVID-19 PANDEMIC*



Virginia Department of Emergency
Management (Kagawaran ng
Pamamahala sa Emerhensya ng
Virginia)



**VIRGINIA'S
HEALTH
IS IN OUR
HANDS.**
Do your part,
stop the spread.

CONTENTS

BAGO

- 1 Tungkol sa mga Bagyo
- 4 Pagbawas ng Pinsala
- 5 Insurance para sa Baha
- 6 Mga Supply para sa
- 8 Emerhensya Plano para
- 9 sa mga Alaga mong Hayop
- Mga Komunikasyon sa Panahon ng Emerhensya

SA PANAHOON NITO

- 10 "Alamin ang Iyong
- 12 Zone" Pagkakaiba ng
- 13 Pagsubaybay at Babala
- 14 Mga Maling Kaalaman
- 16 Tungkol sa Sakuna
- Paano Lumikas Mga
- Ruta sa Paglikas

PAGKATAPOS

- 18 Pag-uwi nang Ligas
- 19 Paglilinis Pagkatapos ng
- 20 Bagyo Mga
- 21 Mapagkukunan sa
- Panahon ng Pagbangon
- Impormasyon at mga Mapagkukunan sa
- Panahon ng Emerhensya

Tingnan ang mga icon na ito sa buong gabay na ito para sa pagsasaalang-alang sa COVID-19 sa panahon ng mga paghahanda at paglilikas hatid ng bagyo

Bumisita sa www.vaemergency.gov/hurricanes para sa elektronikong kopya ng gabay na ito, pati na rin ang bersyong plain text para sa mga hindi nakakakita o may kapansanan sa paningin.

TUNGKOL SA MGA BAGYO

Ang mga bagyo ay malalakas na tropikal na unos, malalaking unos na nabubuo sa ibabaw ng malaking anyo ng tubig sa katimugang bahagi ng Karagatang Atlantiko, Dagat Karibe, Golpo ng Mexico at sa silangang bahagi ng Karagatang Pasipiko. Kada taon, maraming komunidad sa baybayin ang nakakaranas ng mga banta ng mga bagyo kabilang ang malalakas na ulan, malalakas na hangin, mga rip current (malalakas na alon), baha at storm surge (pagbulusok ng unos) sa baybayin mula sa mga tropikal na unos at bagyo. Ang isang bagyo ay maaaring magdulot ng mga ipu-ipo. Nagdudulot ang mga napakalakas na buhos ng ulan ng higit pang pagkasira sa pamamagitan ng pagdudulot ng mga pagbaha at landslide (pagguho ng lupa), na hindi lamang banta sa mga komunidad sa baybayin ngunit maaaring maapektuhan din ang mga komunidad na maraming milya ang layo papaloob mula sa baybayin. **Ang panahon ng bagyo sa Atlantiko ay mararanasan mula Hunyo 1 hanggang Nobyembre 30, na kung saan mapapadalas sa pagitan ng kalagitnaan ng Agosto at huling bahagi ng Oktubre.**


KATEGORYA NG LAKAS NG HANGIN NG BAGYONG AFFIR-SIMPSON

1	2	3	4	5
74-95 MPH Ilang	96-110 MPH Malaking Pagkasira	111-129 MPH Labis na Pagkawasak	130-156 MPH Matinding Pinsala	157+ MPH Matinding Pinsala

ANG STORM SURGE

Ang storm surge ay ang hindi normal at mapanganib na pagtaas ng tubig na tinutulak patungo sa baybayin ng malalakas na hangin mula sa bagyo o tropikal na unos. Maaaring lumakas ang storm surge mula sa normal na high tide (pagtaas ng tubig) ng 15 talampakan o higit pa at ito ang pangunahing dahilan kung bakit iniuutos ang mga paglikas sa baybayin.

Sa hanay ng baybayin, ang storm surge ang kadalasang pinakamalaking banta sa buhay at ari-arian mula sa bagyo. Sa nakaraan, ang pagkamatay ng maraming tao ay nagresulta sa pagtaas ng karagatan na nauugnay sa pagbagsak ng maraming malalaking bagyo. Ang Bagyong Katrina (2005) ay ang pangunahing halimbawa ng pagkasira at pagkawasak na maaaring dulot ng storm surge. Hindi bababa sa 1,500 katao ang namatay noong Katrina at marami sa mga pagkamatay na iyon ay direkta o hindi direktang resulta ng storm surge.




PAGKAKAIBA NG STORM SURGE AT STORM TIDE

Ang storm surge ay isang hindi normal na pagtaas ng tubig na hatid ng unos at inilalarawan sa pamamagitan ng taas na higit pa sa inaasahang taas ng tubig. Hindi dapat ipagkamali ang storm surge sa storm tide na nangangahulugang pagtaas ng tubig dahil sa kumbinasyon ng storm surge at napakalaking pagtaas ng tubig. Ang pagtaas ng tubig na ito ay maaaring magdulot ng labis na pagbaha sa mga baybayin, partikular na kapag ang storm surge ay sumasabay sa high tide, na maaaring magresulta sa mga storm tide na umaabot ng 20 talampakan o higit pa sa ilang mga sitwasyon.

MGA RIP CURRENT, MAPANGANIB NA MALALAKING ALON

Ang mga rip current ay malalakas, makikipot na kanal ng mabilis na bumubulusok na tubig na makikita sa hanay ng East Coast, Nabubuo ang mga rip current bilang mga along nakakalat sa playa, na nagdudulot sa tubig na makulong sa pagitan ng playa at sandbar (tagaytay ng buhangin) o iba pang tampok sa ilalim ng tubig. Nagsasanib ang tubig sa isang makitid na mala-ilog na kanal na mabilis na umaagos palayo sa baybayin. Sa pagbulusok sa bilis na hanggang walong talampakan kada segundo, mas mabilis na bumubulusok ang mga rip current kumpara sa isang manlalangoy sa Olimpiko.

Kadalasang sinusubukan ng mga natatarantang manlalangoy na labanan ang isang rip current sa pamamagitan ng paglangoy pabalik sa baybayin— na naglalagay sa kanila sa panganib na malunod dahil sa pagod. Kapag naabutan ng isang rip current, huwag itong labanan! Lumangoy nang kahanay ng baybayin at lumangoy pabalik sa lupa sa isang anggulo.



PAG-ULAN AT INLAND FLOODING

Ang matinging pag-ulan ay hindi direktang nauugnay sa bilis ng hangin ng bagyo. Ang ilan sa malalakas na pag-ulan ay sanhi ng mas mahihinang unos na dahan-dahang gumagalaw o nagtatagal sa isang lugar. Ang inland flooding (pagbaha papaloob mula sa baybayin ay maaaring maging malaking banta sa mga komunidad na daan-daang milya ang layo mula sa baybayin habang bumabagsak ang matinging ulan mula sa malalaking kumpol ng hanging ito. Ang inland flooding ang sanhi ng mahigit sa kalahati ng mga pagkamatay na nauugnay sa mga bagyo.

Ang flash flood na nangangahulugang mabilis na pagtaas ng tubig, ay maaaring mabilis na mangyari dahil sa matinging pag-ulan. Ang mas matagal na pagbaha sa mga ilog at batis ay maaaring magpatuloy ng ilang araw pagkatapos ng unos. Kapag nagmamaneho patungo sa tubig sa daan, laging tandaan **“Turn Around, Don’t Drown” (“Bumalik, Huwag Malunod”).**

BAGYONG CAMILLE

AGOSTO 19-20, 1969

Nagbagsak ng 27 pulgadang ulan sa County ng Nelson ng walong oras, na nagresulta sa pagkamatay ng 153 katao mula sa mga flash flood (rumaragasang baha) at mga mudslide (pagguho ng putik).

TROPIKAL NA BAGYONG AGNES

21-Jun-72

Nagbagsak ng 16 na pulgadang ulan sa County ng Fairfax. Sa kasagsagan ng baha, mahigit 600 milya ng lansangang bayan ang nakalubog sa buong estado.

BAGYONG FRAN

SETYEMBRE 5-6, 1996

Nagbagsak ng 8 hanggang 16 na pulgadang ulan sa mga kabundukan at Shenandoah Valley; sa loob ng isang oras, nakita ang 3.5 pulgadang ulan sa ilang lugar.

TROPIKAL NA BAGYONG ISABEL

SETYEMBRE 18, 2003

Nagbagsak ng 20 pulgadang ulan sa Sherando, Va. Naging mga lugar ng sakuna ang 100 lokalidad ng Virginia at 32 katao ang namatay dahil sa unos. 80% ng populasyon ng estado ang nawalan ng kuryente.

MGA MAPANIRANG HANGIN

Ang mga hangin na nasa puwersa ng bagyo, 74 MPH o higit pa, ay maaaring makasira ng mga gusali at mobile home (naililipat na tirahan). Ang mga debris (natatangay na mga bagay) na gaya ng mga karatula, materyal ng bubong, dingding at maliliit na bagay na naiiwan sa labas ay maaaring mapalipad sa panahon ng mga bagyo. Ang mga hangin ay maaaring manatiling mas malakas sa lakas ng bagyo papaloob mula sa baybayin.

MGA IPU-IPO

Ang mga bagyo at tropikal na unos ay maaari ring lumikha ng mga ipu-ipo. Madalas na nagkakaroon ng mga ipu-ipong ito sa kulog at kidlat na nakapaloob sa ulan na malayo sa sentro ng bagyo; ngunit, maaari ring mangyari sa pinakamata ng bagyo.

ALAM MO BA?

Noong 2004, ang Bagyong Ivan ay lumikha ng 40 ipu-ipo sa loob ng isang araw sa buong Commonwealth.



PAGBAWAS NG PINSALA

Ang pagpapalano at paghahanda bago humampas ang bago ay makakatulong sa iyong mapangasiwaan ang epekto ng malalakas na hangin at tubig-baha. Gawin ang mga hakbang na nakabalangkas sa ibaba upang mapanatili kang ligtas kasama ang iyong pamilya habang pinoprotektahan ninyo ang iyong tirahan at ari-arian. Kung ikaw ay nangungupahan, kausapin ang iyong landlord (kasero) o property manager (tagapamahala ng ari-arian) tungkol sa mga karagdagang hakbang na maaari mong gawin.

IHANDA ANG IYONG TIRAHAN

I-board up (takpan at pakuan ng plywood o anumang kahot) ang mga bintana at isara ang lahat ng storm shutter. Isara at patibayin ang bubong, mga pinto at pinto ng garahe.

Ipasok sa loob ng bahay ang mga nagagalaw, magagang na gamit gaya ng mga muwebles sa beranda, basurahan, bisikleta at laruan ng bata.

Gawing matatag na nakatayo sa lugar ang mga gamit na hindi ligtas ipasok sa loob ng bahay (hal., mga de-gas na ihawan at mga tangke ng propane na gas).

Tapyasan o alisin ang mga nasirang puno at sangang malapit nang maputol sa mga estruktura.

IHANDA ANG IYONG NEGOSYO

Idokumento ang mga responsibilidad at papel na ginagampanan ng empleyado bago humampas ang bagyo at pag-aralan ito kasama ang bawat empleyado.

Magsagawa ng pagsasanay upang masigurong nauunawaan ng mga miyembro ng staff ang kanilang mga papel na gagampanan at subukan ang iyong mga planong pang-emerhensya. Mag-follow up sa pamamagitan ng isang sesyong ulat pagkatapos ng aksyon at mga araw na natutunan.

- Makipag-ugnay sa iyong mga vendor upang maunawaan ang kanilang mga plano sa pagiging handa at kung paano maaapektuhan ng sakuna ang iyong supply chain.

- Ilipat ang mga computer at iba pang mga system ng Information Technology (IT, Teknolohiya ng Impormasyon) na malayo sa malalaking bintana at pinto.

- Patibayin ang pagkakabit ng maluluwag na alulod at tubo ng alulod ay linisin ang anumang mga may nakabara o debris upang maiwasan ang pagsira ng tubig sa iyong ari-arian.

- Bumili ng mabubuhay na generator o maglagay ng generator para sa buong bahay na gagamitin sa panahong walang kuryente.

- Magtabi ng alternatibong pagmumulan ng kuryente, gaya ng mabubuhay na generator, sa labas, na hindi bababa sa 20 talampakan ang layo sa bahaym at protektado mula sa pagkabasa.

- Idokumento ang kondisyon ng iyong tirahan bago ang unos para sa mga layunin ng insurance: mga litrato, video.

- Ilipat ang mga mamahaling gamit at IT system sa mas mataas na palapag ng iyong pasilidad o sa isang mas ligtas na lokasyon kung kailangan.

- Siguraduhing protektado ang mahahalagang rekord: suriin ang iyong off-site pang-backup na storage ng rekord, ilagay ang mahalagang dokumentasyon at digital na storage media sa isang waterproof (hindi mapapasukan ng tubig) at fireproof (hindi masusunog) na kahon.

- Isara ang lahat ng pinto at bintana.

- Bumiling ng flood insurance policy (polisa para sa seguro sa baha) upang protektahan ang iyong pinansyal na investment.

FLOOD INSURANCE (SEGURO PARA SA BAHÁ)

Ang isang pulgada lamang ng tubig sa isang tirahan o opisina ay maaaring magkahalaga ng libu-libong dolyar sa mga gastos sa paglilinis, kabilang ang pagpapalit sa drywall, mga baseboard, mga pantakip sa sahig at muwebles. **Ang pagbili ng flood insurance ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang iyong tirahan, iyong negosyo at ang pinansyal na seguridad ng iyong pamilya mula sa mga gastos na nauugnay sa pagkasirang hatid ng pagbaha.**

KAUSAPIN ANG IYONG INSURANCE AGENT (AHENTE NG SEGURO) TUNGKOL SA PAGBILI NG FLOOD INSURANCE AT TANDAAN:

- Makipag-ugnay sa call center ng National Flood Insurance Program (NFIP, Pambansang Programa ng Insurance para sa Baha) sa 888.379.9531 upang humiling ng referral para sa agent o bumisita sa www.floodsmart.gov.

- Mayroong 30-araw na panahon ng paghihintay bago magkabisa ang isang flood insurance policy. Huwag nang maghintay pa!

- Karamihan sa mga property insurance policy (polisa para sa seguro sa ari-arian) ay hindi saklaw ang mga pagkawala dahil sa baha, kaya' kakailanganin mong bumili ng hiwalay na flood insurance policy. Ang mga taunang premium para sa isang policy ay nagsisimula sa \$112 kada taon at tumataas ayon sa antas ng panganib sa baha at dami ng coverage (saklaw) na kailangan.

- Nangungupahan ka man o nagmamay-ari ng tirahan, isang mabuting ideya ang bumili ng flood insurance. Ang NFOP ay naghahandog ng parehong coverage para sa gusali (kung pagmamay-ari mo) at mga nilalaman. Kung ikaw ay nangungupahan, mayroon ding coverage para sa mga nilalaman lamang.

- Bagaman hindi iniaatas ng pederal na gobyerno ang flood insurance sa mga lugar na may kaunti- hanggang-bahagyang panganib, halos 25 porsiyento ng lahat ng claim (paghahabol) sa NFIP para sa baha ay nangyayari sa mga lugar na ito.

- Mayroong hindi bababa sa 26% pagkakataon na makakaranas ka ng pagbaha sa silong sa buong panahon ng iyong mortgage.

- Gamitin ang Virginia Flood Risk Information System (VFRIS, Sistema ng Impormasyon para sa Panganib sa Baha ng Virginia) sa www.dcr.virginia.gov/vfris upang malaman ang panganib sa baha ng iyong ari-arian.

MGA SUPPLY PARA SA EMERHENSYA

Maaaring abutin ng ilang araw o linggo para umabot sa iyo at sa iyong pamilya ang mga serbisyo at tulong ng gobyerno depende sa kalubhaan ng unos at sa iyong pangheograpiyang lokasyon. Ang isang pang-emerhensyang kit ay mahalaga sa pagsuporta sa iyong pamilya pagkatapos ng sakuna.

Gamitin ang checklist na ito upang bumuo ng kit ng supply para sa emerhensya sa pamamagitan ng pagdaragdag ng ilang bagay kada linggo o buwan. **Maraming produkto para sa paghahanda sa emerhensya ang karapat-dapat para sa tax-free weekend (araw ng Sabado at Linggo na walang ipinapataw na buwis) para sa Virginia ang idinaraos taun-taon sa Agosto.** Regular na palitan ang mga bagay na nasisira gaya ng tubig, pagkain, gamot at baterya, at huwag kalimutang isaisip ang mga katangi-tanging pangangailangan ng iyong pamilya habang binubuo mo ang iyong kit.



PAGKAIN + MGA SUPPLY

- Hindi bababa sa 3-araw na supply ng tubig at hindi masisirang pagkain
- Mga supply para sa sanggol gaya ng formula, mga lampin, baby wipes, atbp.
- Pagkain at mga supply para sa alagang hayop (Tingnan ang pahina 8 para sa buong checklist)

MGA MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN

- Mga gamot para sa hindi bababa sa isang linggo at mga kopya ng reseta
- Medikal na kagamitan, assistive technology at mga reserbang baterya
- Yelo para sa pagpapalamig ng mga gamot
- First aid kit at antibiotic ointment
- Mga hindi inireresetang gamot gaya ng mga pain reliever (pantangal ng pananakit) at mga antacid
- Mga inireresetang salamin sa mata, contact lens at solution
- Sunblock
- Mga medical alert tag/bracelet

MGA KASANGKAPAN + GAMIT PANGKALIGTASAN

- Flashlight at mga ekstrang baterya
- Multipurpose tool (kasangkapang may maraming gamit at pambukas ng lata)
- Fire extinguisher (pamatay-apoy)
- Mga posporo sa isang lalagyang hindi mapapasukan ng tubig
- Wrench (liyabe) o pliers (upang patayin ang mga utilidad)
- Plastik na sheeting at duct tape (upang manatili sa lugar)
- Whistle (pito - upang sumenyas ng paghingi ng tulong)
- Lapit at papel
- Mga mess kit, paper cup, paper plate, at mga plastik na kubyertos
- De-baterya o hand crank radio at isang NOAA Weather Radio na may tone alert
- Cell phone, charger at reserbang baterya
- Mask para sa alikabok (upang masala ang kontaminadong hangin)
- Mga lokal na mapa

PUMUPROTEKTANG KASUOTAN + DAMIT

- Mga telang pantakip sa mukha (para sa lahat ng nasa edad na 2 taon at pataas)
- Mga panmalamig at makapal na damit
- Mga kumot at sleeping bag
- **MGA PANG-EMERHENSYANG PONDO**
- Ang mga pondong cash na pang-emerhensya ay dapat makasuporta sa iyong pamilya ng hindi bababa sa ilang araw. Inaabot ng ilang panahon ang tulong at mapagkukunang mula sa gobyerno.
- Huwag umasa sa mga credit card o debit card dahil maaaring masira ang mahahalagang network gaya ng Internet o elektrikal na impraestruktura. Siguraduhing mag-withdraw ng maraming cash bago ang unos.
- Planuhin ang mga pondong para sa paglikas upang matustusan ang gas, matutuluyan at mga pagkain, pati na rin ang mga gastos sa matutuluyan ng alagang hayop kung inatasan kayong lumikas.

MGA NAPAKAHALAGANG DOKUMENTO

- Bago ang unos o paglikas, kolektahin at itabi ang iyong mga napakahalagang dokumento sa isang bag o lalagyang hindi mapapasukan ng tubig. Inirerekomenda rin ang pag-store ng iyong mga rekord isang backup na protektado ng password.
- Lisensya sa pagmamaneho at mga pasaporte
 - Rehistrasyon ng sasakyan at katibayan ng insurance
 - Mga rekord na medikal at ng bakuna
 - Mga label ng inireresetang gamot
 - Mga birth certificate (sertipiko ng kapanganakan)
 - Mga Kard para sa Social Security
 - Mga marriage certificate (sertipiko ng kasal) at will (kasulatan ng huling habilin)
 - Katibayan ng pagiging residente (deed o lease)
 - Mga pangnegosyo at personal na rekord ng buwis
- Mga rekord ng account sa bangko
- Imbentaryo ng sambahayan (litrato o video)
- Mga lokal na mapa

KALINISAN N PANGANGATAWAN + SANITASYON

- Ang pagpapanatili ng mabuting kalinisan ng pangangatawan ay maaaring makapigil sa pagkalat ng bakteria at nakakahawang sakit.
- Antibacterial na sabon
 - Hand sanitizer
 - Mga moist towelette
 - Mga garbage bag at plastik na pantali (para sa personal sanitasyon)
 - Mga paper towel
 - Toilet paper
 - Mga pang-ibabaw na disinfectant at wipes
 - Bleach at rubbing alcohol
 - Sipilyo at toothpaste
 - Mga Supply para sa Pagreregla
 - Mga gamit para sa personal na kalinisan ng pangangatawan

KAGINHAWAAN + MAMAHALING GAMIT

- Maaaring mapalayo ka sa iyong tirahan ng mas mahabang panahon at maaaring masira ang iyong ari-arian. Kunin ang anumang mga gamit na hindi kailanman mapapalitan o maaaring magdulot ng kaginhawaan sa iyong pamilya, lalo na sa mga bata.
- Mga aklat, games, puzzle, o iba pang mga aktibidad para sa mga bata
 - Mga paboritong stuffed toy
 - Mga album ng litrato
 - Mga mamahaling gamit at alahas
 - Mga sensory na gamit gaya ng mga fidget spinner, earplug, atbp.

Bumisita sa www.vaemergency.gov/emergency-kit upang madagdagan ang kaalaman at i-download ang checklist ng supply para sa emerhensya! Ang karagdagang impormasyon at mapagkukunan para sa kahandaan sa sakuna




MAGPLANO PARA SA IYONG MGA ALAGANG HAYOP

Hindi lahat ng shelter at hotel ay tumatanggap ng mga alagang hayop. Magplano nang maaga upang manatiling kasama ang pamilya, mga kaibigan o sa iba pang mga lokasyong tumatanggap ng alagang hayop sakaling kailangan mong lumikas mula sa iyong tirahan.

CHECKLIST NA MABUTI PARA SA ALAGANG HAYOP

- Mga tag sa kulyar at i-micro-chip ang mga alagang hayop
- 1.5 na galong tubig at sapat na pagkain at gamot para sa hindi bababa sa 3 araw
- Gamot para sa alagang hayop at iskedyul ng gamot para sa tagapag-alaga, shelter o tumatanggap na staff
- Paglalarawan at mga kasalukuyang litrato ng mga alagang hayop
- Bakuna at mga medikal na rekord
- Mangkok na kakainan at iskedyul ng pagpapakain
- Kulyar, leash (tali) at carrier (lalagyang-kulungan) upang ligtas na maihatid ang mga alagang hayop
- Mga laruan at higaan ng alagang hayop

Tandaang ang mga shelter ay dapat gumawa ng mga eksepsyon sa mga patakarang "bawal ang mga alagang hayop" o "bawal ang mga hayop" upang pahintulutan ang mga taong may mga kapansanan na masamahan ng kanilang mga service animal (serbisyong hayop). Ang mga service animal ay hindi mga alagang hayop at hindi napapailalim sa mga restriksiyong naaangkop sa mga alagang hayop o iba pang mga hayop.



MGA KOMUNIKASYON SA PANAHON NG EMERHENSYA

Ang iyong plano ng komunikasyon sa panahon ng emerhensya ay dapat kabilangan ng karagdagang device na pang-charge ng cellular phone, pati na rin ang mga karagdagang kasangkapan sa komunikasyon: Inirerekomenda ang radyong AM/FM, mga smartphone alert (abiso) at app, at isang NOAA Weather Radio na may mga karagdagang baterya.

IMPORMASYON NG SAMBAHAYAN

Isulat ang mga numero ng phone at email address para sa lahat ng nasa iyong sambahayan at iba pang mga kokontakin kabilang ang mga kamag-anak, kaibigan, kapitbahay o katrabaho. Makakatulong ang impormasyong ito upang muling makipag-ugnay sa iba kahit na wala sa iyo ang iyong mobile device o kung naubusan ka ng baterya.

Kung mayroong miyembro ng iyong sambahayan na hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig, o may kapansanan sa pananalita at gumagamit ng tradisyonal

o video relay service (VRS, Serbisyo ng Pagmemensahe sa Video), kabilang ang impormasyon sa kung paano kumonekta sa pamamagitan ng mga serbisyong relay sa isang landline na telepono, mobile device o computer.

KONTAK SA LABAS NG SARILING BAYAN

Tukuyin ang isang tao sa labas ng iyong komunidad o estado na maaaring kumilos bilang pangunahing kokontakin upang tumulong na muling magkaroon ng ugnayan ang iyong sambahayan. Sa isang sakuna, maaaring mas madaling gumawa ng tawag na long distance (labas ng sariling bayan) dahil ang mga lokal na linya ng telepono ay maaaring labis na ginagamit o may sira.

MGA PLANONG PANG-EMERHENSYA TUNGKOL SA PAARALAN, PAGPAPAALAGA SA ANAK, TAGAPAG-ALAGA AT TRABAHO


Siguraduhing ang mga miyembro ng iyong sambahayang may phone at mga email account ay naka-sign up para sa mga alert at babala mula sa kanilang paaralan, trabaho at mga lokal na ahensya ng gobyerno kabilang ang: pulisya, bumbero, mga serbisyo ng ambulansya, departamento ng pampublikong kalusugan, pampublikong gawain, pampublikong utilidad, sistema ng paaralan at iyong lokal na


Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya). Ang pag-follow sa mga ahensyang ito sa social media ay magbibigay sa iyo ng karagdagang pamamaraan upang ma-access ang kumbinyente at napakahalagang impormasyon. Magandang ideya ring tukuyin ang mga opsyon sa tagapag-alaga sakaling may emerhensya.

IBA PANG MAHAHALAGANG NUMERO AT IMPORMASYON

Isulat o itabi ang mga numero ng telepono para sa mga serbisyong pang-emerhensya, utilidad at tagapagkaloob ng serbisyo, medikal na provider (tagapagkaloob), beterinaryo, kumpanya ng insurance, alternatibong tagapagkaloob ng transportasyon at iba pang mga napakahalagang serbisyo.

Siguraduhing mag-sign up para sa sistema ng notipikasyong pang-emerhensya ng iyong lokalidad upang makatanggap ng mga alert tungkol sa mga emerhensyang may kaugnayan sa panahon at iba pang mga sitwasyong pang-emerhensya. Ang iyong lokalidad ay maaaring mayroong Rehistro para sa mga special needs (may mga espesyal na pangangailangan) upang masigurong ang mga pangangailangan ng mga taong may mga kapansanan ay natutugunan sa panahon ng emerhensya. Makipag-ugnay sa iyong mga lokal na awtoridad para sa higit pang impormasyon.





“ALAMIN ANG IYONG ZONE”

Ang Alamin ang Iyong Zone ay isang inisyatibang nagbibigay ng kaalaman na naaangkop sa tinatayang 1.25 milyong residente sa 23 lokalidad sa hanay ng Baybayin ng Virginia, ang rehiyon ng estadong pinaka-naaapektuhan ng mga bagyo at iba pang mga tropikal na unos. Ang bai-baitang na mga evacuation zone (sona sa paglikas) ay binuo sa malapit na pakikipag-ugnayan sa mga lokal na manager na pang-emerhensya sa buong Hampton Roads, Northern Neck, Middle Peninsula at sa Eastern Shore batay sa pinakabagong data na pang-inhinyeriya para sa rehiyon.

Ang mga Zone ay itinalaga mula A hanggang D. Nililina nito sa mga residente kung dapat silang lumikas sa isang emerhensya o manatili sa bahay, batay sa kanilang pisikal na address ng kalye at likas na katangian ng emerhensya. **Mahalagang matandaan na sa panahon ng paglikas ayon sa Zone, kakailanganin mo lamang lumikas patungo sa mas mataas na zone na hindi itinalagang lumikas. (Iyon ay, kung ang Zone A ang natatanging Zone na lilikas, kailangan lamang ng mga residente nito na tumungo sa Zone B)** Kapag ang isang malakas na unos ang inaasahang magiging banta o maaapektuhan ang mga rehiyong baybayin ng Virginia, ang mga pang-estado at Lokal na ahensyang pang-emerhensya ay makikipagtulungan sa lokal na media outlet sa pagbabalita, pati na rin ang mga social media channel, na magbobroadcast at maglalathala ng mga direktiba sa paglikas sa publiko.

Bumisita sa www.KnowYourZoneVA.org upang mahanap ang iyong evacuation zone. Ipinapakita ng website ang isang detalyado, interaktibo, may itinalagang kulay na mapa na nagpapakita ng bawat evacuation zone. Tandaang ang pagtatalaga ng kulay ay bago para sa taong 2020 at naiiba sa mga nakaraang taon. Maaaring gamitin ng mga residente ang mapa upang matingnan ang kanilang rehiyon o mag-zoom in sa kanilang tinitirhang kapitbahayan at kalye. Maaaring ilagay ng mga user ang kanilang pisikal na address sa search bar upang matingnan at makumpirma ang kanilang nakatalagang evacuation zone. **Ang mga residenteng walang access sa Internet at dapat makipag-ugnay sa kanilang lokal na emergency management office o tumawag sa 2-1-1 para sa tulong.**

Ang mga residenteng hindi naninirahan sa paunang tinukoy na evacuation zone ay dapat makinig sa mga lokal na utos sa paglikas mula sa lokal at pang-estadong ahensyang pang-emerhensya upang malaman kung at kailan lilikas.

MGA EVACUATION ZONE: A B C D

ANG AKING EVACUATION ZONE AY:

NATIONAL WEATHER SERVICE (NWS, PAMBANSANG SERBISYO SA PANAHON) PAGKAKAIBA NG PAGSUBAYBAY AT BABALA



ROIPIKAL NA UNOS O BAGYO PAGSUBAYBAY

Maglalabas ang NWS ng isang Pagsubaybay kapag ang tropikal na unos o bagyo ay posible sa loob ng 48 oras. Sumubaybay sa NOAA Weather Radio All Hazards, lokal na radyo, telebisyon, o iba pang mga pinagmumulan ng balita para sa higit pang impormasyon. Subaybayan ang mga alert, tingnan ang iyong mga supply para sa emerhensya at likumin ang anumang mga bagay na maaaring kailanganin mo kung mawawalan ka ng kuryente.


5PM Sabado



TROIPIKAL NA UNOS O BAGYO BABALA

Maglalabas ang NWS ng Babala kapag inaasahan nitong darating ang unos o bagyo sa loob ng 36 na oras. Sa panahon ng Babala, kumpletuhin ang iyong mga paghahanda para sa unos at agad na lisanin ang lugar na nahaharap sa banta kung ito ang iaatas ng mga lokal na opisyal o opisyal ng estado.

2PM Linggo



Bagyong Matthew

Sabado, Oktubre 8, 2016 5PM EDT Advisory 43
NWS National Hurricane Center (Pambansang
Tanggapan para sa Bagyo)

Potensyal na Susubaybayang Lugar:

Araw 1-3

Araw 4-5

Kasalukuyang Impormasyon:

Sentrong Lokasyon 33.8 N 78.2 W
Pinakamalakas na Hangin 75MPH Paggalaw
ENE sa 13MPH

Mga Pagsubaybay:

Bagyo

Trop. na Unos

Mga Inaasahang Posisyon:

Tropikal na Bagyo Pagkatapos ng mga
Tropikal na Hangin: D <39MPH
S 39-73MPH H 74-110MPH M > 110MPH

Mga Babala:

Bagyo

Trop. na Unos

MGA MALING KAALAMAN TUNGKOL SA SAKUNA

MALING KAALAMAN Magastos at umuubos ng oras ang paghahanda para sa mga bagyo.

KATOTOHANAN: Libre ang pag-sign up para sa mga lokal na alert at babala. Libre rin ang maraming app sa paghahanda, kabilang ang app ng FEMA.

KATOTOHANAN: Ang iyong tahanan ay maaaring mayroon nang mga gamit para sa pang-emerhensyang kit.

KATOTOHANAN: Maaari mong buuin ang iyong pang-emerhensyang kit nang paunti-unti.

KATOTOHANAN: Ang pagkakaroon ng sapat na supply ng pagkain para sa emerhensya ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa iyong sambahayan anuman ang banta.

MALING KAALAMAN Dapat saklaw lahat ng aking homeowners insurance kung maaapektuhan ako ng bagyo.

KATOTOHANAN: Maaaring hindi laging ganito ang kaso. Tingnan ang iyong insurance policy at kumunsulta sa iyong insurance agent.

KATOTOHANAN: Hindi saklaw ng mga karaniwang homeowners insurance ang baha.

MALING KAALAMAN Mga first responder (unang tagaresponde) lamang ang nangangailangang makaalam ng gagawin sa panahon ng emerhensya.

KATOTOHANAN: Kailangang malaman ng bawat isa kung ang gagawin bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng bagyo upang maprotektahan ang kanilang mga sarili at mga mahal sa buhay.

KATOTOHANAN: Maaaring hindi agad na makapunta sa iyo ang mga first responder pagkatapos humampas ng bagyo. Dapat malaman ng bawat isa kung ano ang gagawin upang manatiling ligtas.

MALING KAALAMAN Handa ako sa bagyo kung mayroon akong nakahandang pang-emerhensyang kit.

KATOTOHANAN: Higit pa sa isang kit ang kailangan sa paghahanda sa emerhensya.

KATOTOHANAN: Ang pagkakaroon ng plano ng komunikasyon sa pamilya, pag-sign up para sa mga alert at babala, at pag-alam sa kung ano ang gagawin at kung paano lilikas ay mahalaga rin.

MALING KAALAMAN Magiging mabuti kung magmamaneho ako sa kaunting baha.

KATOTOHANAN: Ang 12 pulgada ng tubig ay makakapagpalutang sa maliliit na SUV at ang 18 pulgada ng tubig ay makakapagpalutang sa malalaking SUV.

KATOTOHANAN: Turn Around, Don't Drown®.

Hindi laging malinaw ang lalim ng tubig.

KATOTOHANAN: Maging ang kaunting tubig sa kalsada ay maaaring magkubli ng mga panganib gaya ng nasirang kalsadang malapit nang bumagsak.

MALING KAALAMAN Ligtas akong makakapaghintay para lumikas hanggang sa magkaroon ng kumpirmasyong nasa aking lokasyon ang bagyo.



PAANO LUMIKAS

Kung pinapayuhan o inuutusan ka ng mga awtoridad na lumikas, **agad na umalis!** **BAGO KA UMALIS**

- Gawing ligtas ang iyong personal na ari-arian at negosyo; alisin mula sa sahig ng garahe o mula sa ilalim ng lababo sa kusina ang mga kemikal na ginagamit sa bahay. Mapanganib sa kalusugan mo at ng iyong alagang hayop ang bahang may halong mga kemikal.
- Ibalot ang iyong pang-emerhensyang kit, mga napakahalagang dokumento at mamahaling gamit, at muling pag-aralan ang iyong plano ng komunikasyon.
- Panatilihin ang iyong tangke ng gasolina at mag-withdraw ng cash mula sa ATM para may hawak ka nito para sa mga pangangailangan kabilang ang: mga gastusin sa pagkain, nakabotelyang tubig, gamot, gasolina at matutuluyan.
- Alamin kung saan pupunta: Tukuyin ang iyong evacuation zone at manatiling alerto sa pamamagitan ng paggamit ng iyong NOAA weather radio, radyong FM/AM, mga smart phone app at sa pamamagitan ng pakikinig sa lokal na media at mga lokal, pang-estado o pederal na opisyal.
- Huwag umasa sa isang pagmumulan ng impormasyon sa panahon. Magtakda ng ilang paraan ng pagtanggap ng mga babala at alert mula sa National Weather Service at mga lokal na opisyal.
- Muling pag-aralan ang iyong nakaraang plano ng paglikas at isaalang-alang ang mga alternatibong opsyong susundin mula sa mga patnubay ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) hinggil sa pisikal na pagdidistansya upang maiwasan ang pagkalat ng Sakit na Coronavirus (COVID-19), at i-update ang iyong mga plano nang naaayon dito. Dahil sa COVID-19, kung nakatira ka sa isang mandatoryong evacuation zone, inirerekomendang lumikas ka lamang sa mga pampublikong shelter kung hindi ka makakasilong sa pamilya o mga kaibigan. ❄
- Maging pamilyar sa iyong evacuation zone at ruta, at mga lokasyon ng shelter. Laging isaisip na ang lokasyon ng iyong shelter ay maaaring mabago o maaaring hindi magbukas ngayong taon dahil sa COVID-19. Alamin sa mga lokal na awtoridad ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga shelter. ❄
- Likumin ang mga kinakailangang supply, kabilang ang mga hindi masisirang pagkain, tubig, gamot, supply para sa alagang hayop, atbp. Isama ang mga bagay gaya ng telang pantakip sa mukha, sabon, hand sanitizer, pan-disinfect na wipes, at karaniwang supply na panlinis sa bahay upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Pagkatapos ng bagyo, maaaring hindi mo ma-access ang mga supply na ito ng ilang araw o maging ng ilang linggo. ❄
- Kumustahin ang iyong mga kapitbahay o kaibigan, at alamin kung kailangan nila ng tulong sa paghahanda. Sa paggawa nito, siguraduhing sinusunod ang mga rekomendasyon ng CDC hinggil sa pisikal na pagdidistansya sa pamamagitan ng pananatili ng hindi bababa sa anim na talampakan, mga dalawang braso ang layo, mula sa bawat isa. ❄
- Laging isaisip na ang ilang istasyon ng gasolina, convenience store, restaurant, atbp., sa

KAPAG LUMILIKAS

- Huwag lumusong sa rumaragasang tubig o magmaneho sa mga lugar na may baha. Huwag magkampo o iparada ang iyong sasakyan sa hanay ng mga batis, ilog o sama, partikular na sa panahon ng mga nagbabantang kondisyon. Ang anim na pulgadang tubig ay aabot sa ilalim ng karamihan sa mga sasakyan na magdudulot ng pagkawala ng kontrol o posibleng pagkaantala; ang isang talampakan ng tubig ay magpapalutang sa maraming sasakyan.
- Subaybayan ang paglalakbay sa pamamagitan ng eroplano at tren para sa mga pagkaantala at kanselasyon, lalo na kung ang mga pamamaraan ng transportasyong ito ay bahagi ng iyong plano ng paglikas.
- Panatilihin ang iyong kontak na pang-emerhensya sa labas ng sarili mong bayan, panatilihin alam ng mga miyembro ng iyong pamilya at mga kaibigan ang iyong lokasyon at kalagayan sa buong proseso ng paglikas.
- Magsaayos ng matutuluyan bago ang o sa simula ng iyong paglikas sa pamamagitan ng paghiling na manatili kasama ang mga kaibigan o pamilya o sa pamamagitan ng pagreserba sa hotel sa rehiyon na hindi nahaharap sa banta mula sa unos.
- Gamitin ang mga app sa iyong smart phone na tumutukoy sa pinakabagong daloy ng trapiko, istasyon ng gas na makukuhanan ng gasolina at mga may bakanteng hotel. Laging subaybayan ang pagbabalita ng lokal na media at makinig sa mga lokal at pang-estadong opisyal.
- Ang pag-iwas sa COVID-19 ay hindi dapat pumigil sa iyo sa paghahanap ng shelter sa gitna ng masamang panahon. Kung manunuluyan ka sa isang malaking grupo, gawin ang mga hakbang upang masigurong sinusunod mo ang mga sumusunod na patnubay ng CDC pagdating sa pisikal na pagdidistansya. Sundin ang gabay mula sa mga lokal na awtoridad pagdating sa paglikas at pagse-shelter dahil ito ay patungkol sa mga patnubay sa pag-iwas sa COVID-19. ❄
- Kung dapat kang lumikas sa isang pampublikong shelter, subukang dalhin ang mga gamit na makakatulong sa pagprotekta sa iyo at sa ibang nasa shelter mula sa COVID-19, gaya ng hand sanitizer, o bareta o likidong sabon kung wala nito, at dalawang telang pantakip sa mukha para sa bawat tao. Ang mga batang wala pang dalawang taong gulang, mga taong nahihirapang huminga, at mga taong hindi kayang tanggalin ang pantakip sa mukha nang walang tulong ay hindi dapat magsuot ng mga telang pantakip sa mukha. ❄
- Kung ikaw ay nananatili sa isang shelter, gawin ang mga hakbang upang mapanatiling ligtas ang iyong sarili at ang iba mula sa COVID-19. Madalas na hugasan ang iyong mga kamay, panatilihin ang pisikal na pagdidistansya ng hindi bababa sa anim na talampakan o mga dalawang braso ang haba sa pagitan mo at ng mga taong hindi bahagi ng iyong sambahayan, at iwasan ang pakikipagtipon sa mga grupo at mga tao. Kung at kapag posible, magsuot ng telang pantakip sa mukha. ❄
- Kung ikaw ay nananatili sa isang shelter o pampublikong pasilidad at nagkasakit o nangangailangan ng medikal na atensyon, ipaalam agad sa staff sa shelter nang sa gayon ay makatawag sila sa lokal na ospital o klinika. ❄



MGA RUTA SA PAGLIKAS

Kung iutos ng mga opisyal ang paglikas para sa iyong lugar, gamitin ang isa sa mga itinalagang rutang ito. Maging pamilyar sa mga rutang ito at planuhing lumikas nang maaga upang mga pagkaantalang dulot ng malaking trapiko.

PENINSULA

- » Interstate 64 West
- » Interstate 664 North
- » U.S. Route 17 North
- » U.S. Route 60 West
- » Route 143

Sa gitna ng masamang panahon, hindi nagbibigay ng serbisyo ang Jamestown-Scotland Ferry at HINDI dapat ituring na bahagi ng iyong plano ng paglikas.


SOUTHSIDE

- » 264 West and Interstate 64
Hampton Roads Bridge-Tunnel
- » Interstate 664 North
Subaybayan ang Merrimac Memorial Bridge-Tunnel
- » U.S. Route 17 North
- » U.S. Route 58 West
- » U.S. Route 460 West
- » Route 10 West

Ang Chesapeake Bay Bridge-Tunnel ay HINDI isang ruta sa paglikas. Para sa impormasyon tungkol sa pagsasara, bumisita sa www.cbbt.com.

EASTERN SHORE

Ang lahat ng residente ng Eastern Shore ay dadaan sa U.S. Route 13 North na patungong Salisbury, Maryland.



**HANAPIN ANG MGA
KARATULANG ITO
SA PANAHO NG**

UMUWI NANG LIGTAS

Kada taon, napakaraming tao ang napipinsalaan o namamatay dahil sa bagyo. Sa iyong pag-uwi at pagsisimulang bumangon, laging isaisip ang mga tips na ito para sa kaligtasan:

- Hintaying maideklara ng mga lokal na opisyal na ligtas na ang lugar bago ka bumalik sa iyong ari-arian.
- Huwag lumusong sa baha, na maaaring maglaman ng mga mapanganib na debris kabilang ang mga basag na salamin, metal, namatay na hayop, imburnal, gasolina, langis at bumagsak na kable ng kuryente.
- Huwag pumasok sa isang gusali hanggang sa masiyasat ito kung may sira sa sistema ng kuryente, linya ng gas, sistemang septik at mga linya ng tubig o balon.
- Iwasan ang pag-inom ng tubig sa gripo hanggang sa malaman mong ligtas nang gawin ito. Kung hindi sigurado, pakuluan o i-purify muna ito.
- Mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay at mga bumagsak na linya ng kuryente; Manatili ng hindi bababa sa 30 talampakan ang layo mula sa mga bumagsak na linya - ituring ang mga ito na may kuryente at mapanganib; iulat ang mga bumagsak na linya ng kuryente sa iyong lokal na tagapagkaloob ng utilidad.
- **Kung nawalan ka ng kuryente, direkta itong iulat sa Dominion Energy, ang iyong lokal na tagapagkaloob ng kuryente o kooperatiba.**
 - **Dominion Energy |** I-report ang mga pagkawala ng kuryente at alamin ang iyong status sa [dominionenergy.com/outages](https://www.dominionenergy.com/outages). I-report ang mga bumagsak na linya ng kuryente at iba pang mga panganib sa kaligtasan sa 866.366.4357.
- Maraming tao ang maaaring nakakaramdam na ng takot at pagkabalisa dahil sa COVID-19. Ang mga bagyo o ang banta ng mga bagyo ay maaaring makadagdag ng higit pang stress. Subukang maging naroroon para sa mga mahal sa buhay na maaaring mangailangan ng makakausap ng tungkol sa kanilang mga nararamdaman. Sundin ang patnubay ng CDC sa pangangasiwa ng stress sa panahon ng pandemyang COVID-19.
- Para sa agarang counseling sa krisis, tumawag sa Disaster Distress Helpline sa 1-800-985-5990. Upang makahanap ng health care provider (tagapagkaloob ng pangangalaga pangkalusugan) para sa substance use disorder (sakit dahil sa paggamit ng droga o alkohol) at kalusugan ng pag-iisip, makipag-ugnay sa National Helpline ng SAMHSA sa 1-800-662-HELP (4357).

- Kung ikaw ay napinsalaan o may sakit, makipag-ugnay sa iyong medikal na provider para sa mga rekomendasyon sa paggamot. Panatilihin ang mga sugat upang maiwasan ang impeksyon. Tandaan na ang pag-access sa medikal na pangangalaga ay maaaring maging mas mahirap kaysa karaniwan sa panahon ng pandemyang COVID-19.



PAGLILINIS PAGKATAPOS NG BAGYO

Makipag-ugnay sa iyong lokal na Office of Emergency Management upang malaman ang tungkol sa mga organisasyong tutulong sa mga pagsusumikap sa paglilinis sa lugar na tinitirhan. Kung naninirahan ka sa isang special flood hazard area (espesyal na lugar na nanganganib sa baha), makipag-ugnay sa iyong floodplain administrator bago simulan ang proseso ng paglilinis upang masigurong natutugunan ang lahat ng iniaatas sa pagpapaunlad.

- Magsuot ng pumuprotektang kasuotan gaya ng mga guwantes, safety glasses, botang de-goma at mga mask upang maprotektahan ka mula sa mga debris at mga partikulang nakalutang sa hangin.
- Mag-ingat o humingi ng propesyonal na tulong kapag inaalas ang mga bumagsak na puno, nililinis ang mga debris o gumagamit ng kasangkapan, gaya ng chain saw.
- Itapon ang anumang pagkain kabilang ang mga de-latang hindi naitabi sa tamang temperatura o nahantad sa mga tubig-baha. Huwag kainin ang pagkaing mula sa binahang hardin. **Itapon kapag hindi sigurado.**
- Linisin at i-disinfect ang anumang nabasa. Ang putik na naiwan mula sa baha ay maaaring maglaman ng bagay sa imburnal, bakteryang at mga kemikal.
- Pahanginan ang mga naisarang espasyo sa pamamagitan ng pagbubukas ng lahat ng pinto at bintana kapag nasa bahay ka. Iwang bukas ang maraming bintana hangga't maaari kapag wala ka sa bahay kung walang problema sa seguridad.
- Itapon ang mga may nababaran ng tubig na materyal gaya ng mga kutson o naka-upholster na kagamitan, lalo na ang mga may nakikitaang pagtubo ng amag.
- Baklasin ang sahig, paneling, drywall, insulation at mga saksakan ng kuryenteng nababaran ng tubig-baha.
- Mag-ingat kapag naglilinis. Magsuot ng pumuprotektang kasuotan, gumamit ng naaangkop na pantakip sa mukha o mga mask kung nililinis ang amag at iba pang debris, at magpanatili ng pisikal na distansya ng hindi bababa sa anim na talampakan habang kasamang gumagawa ang ibang tao.
- Ang mga taong may hika at iba pang kondisyon sa baga at/o immune suppression ay hindi dapat pumasok sa mga gusaling may mga tulo ng tubig sa loob o pagtubo ng amag na maaaring makita o maamoy, kahit na wala silang allergy sa amag. Hindi dapat makibahagi ang mga bata sa gawain ng paglilinis sa panahon ng sakuna.
- Patuloy na gawin ang mga hakbang upang protektahan ang iyong sarili mula sa COVID-19, gaya ng paghuhugas ng iyong mga kamay nang madalas at paglilinis sa mga karaniwang nahahawakang ibabaw.
- **Kung nasira ang iyong ari-arian pagkatapos ng sakuna:**
 - Kunan ng litrato ang nasira sa iyong ari-arian.
 - Makipag-ugnay sa iyong insurance provider upang i-report ang pagkasira.
 - I-report ang mga pagkasira sa Of Emergency Management ng iyong lokalidad, o bisitahin ang opisyal na website ng iyong lokalidad at/o tawagan ang contact center ng iyong lokalidad para sa impormasyon sa kung paano ire-report ang pagkasira dahil sa sakuna. Ang pagre-report sa pagkasira ay nagpapahintulot sa iyong lokalidad na isama ang iyong mga pagkawala sa pagtatasa nito sa pagkasira.

MGA PAMAGKUKUNAN SA PAGBANGON

LOKAL

I-report ang pagkasira sa sa iyong tirahan at negosyong hatid ng sakuna sa Office of Emergency Management ng iyong lokalidad, o bisitahin ang opisyal na website ng iyong lokalidad at/o tawagan ang contact center ng iyong lokalidad para sa impormasyon sa kung paano ire-report ang pagkasira dahil sa sakuna. Makipag-ugnay sa Department of Social Services (Kagawaran ng mga Serbisiyong Panlipunan), Human Services (Mga Serbisiyong Pantao), Community Services Board (Lupon ng mga Serbisyo sa Komunidad), Public Health (Pampublikong Kalusugan), Housing (Pabahay) at lokal na Office of Emergency Management sa iyong lungsod o county upang ma-access ang mga karagdagang mapagkukunan at impormasyon pagkatapos ng sakuna. Ang mga nonprofit at kawanggawa ay handang pumunta at tulungan ang iyong komunidad pagkatapos ng unos, kabilang ang mga lokal na food bank. Sa pag-alam sa mga organisasyong aktibo sa iyong komunidad bago ang unos, at pagsuporta sa mga ito sa buong taon, napapanatili at nagiging matagumpay ang mga organisasyong ito sa kanilang mga pagsusumikap na suportahan ang iyong komunidad pagkatapos ng bagyo o iba pang sakuna.

FEDERAL EMERGENCY MANAGEMENT AGENCY (FEMA, Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensya)

Individuals and Households Program (IHP, Programa para sa mga Indibidwal at Sambahayan)

Kung ang deklarasyon ng sakuna ng Pangulo ay isinasagawa para sa Individual Assistance (IA, Indibidwal na Tulong), ang Individuals and Households Program ng FEMA ay maaaring magkaloob ng pinansyal na tulong o mga direktang serbisyo sa mga may mga kinakailangang gastusin at seryosong pangangailangan na hindi nila matugunan sa ibang paraan.

Makukuha ang mga sumusunod na uri ng tulong:

- Tulong sa Pabahay (Kabilang ang pansamantalang pabahay, pagkukumpuni, pagpapalit at semi-permanente o permanenteng konstruksyon ng tirahan).
- Iba pang Tulong sa Pangangailangan (kabilang ang personal na ari-arian at iba pang mgabagay).
- Nagkakaloob ang FEMA ng ilang tulong sa pagkukumpuni sa bahay; pagkatapos, ang may-ari ng tirahan ay maaaring mag-apply para sa disaster loan (utang na pangsakuna) mula sa Small Business Administration (Pangasiwaan sa Maliit na Negosyo) para sa karagdagang tulong sa pagkukumpuni. Hindi magbabayad ang FEMA upang ibalik ang tirahan sa kondisyon bago ang sakuna. Maaaring kailanganin ang flood insurance kung ang tirahan ay nasa isang Special Flood Hazard Area. Makipag-ugnay sa Individuals and Households Program ng FEMA sa 800.621.FEMA.

Tulong sa Publiko: Lokal, Pang-estado, Pantribo at Pribadong Nonprofit

Ang programa ng gawad na Public Assistance (PA, Tulong sa Publiko) ng FEMA ay **maaaring** magkaloob ng pederal na tulong sa mga organisasyon ng gobyerno at ilang private nonprofit (PNP, pribadong hindi pangkalakal) na organisasyon kung idineklara ang deklarasyon ng sakuna ng Pangulo.

Ang PA ay nagkakaloob ng mga gawad sa mga pang-estado, pantribo, teritoryal, lokal na gobyerno at ilang uri ng organisasyong PNP, nang sa gayon ang mga komunidad ay agad na makakatugon sa at makakabangon mula sa malalaking sakuna o emerhensya. Makipag-ugnay sa Public Assistance Division (Dibisyon para sa Tulong sa Publiko) ng FEMA sa 202.646.3834.

SMALL BUSINESS ADMINISTRATION (SBA, PANGASIWAAN SA MALIIT NA NEGOSYO)

Maaaring magpahiram ng pera ang SBA sa mga may-ari ng tirahan, nangungupahan at may-ari ng negosyo. Maaaring humiram ang mga may-ari ng tirahan ng hanggang \$200,000 para sa mga pagkukumpuni sa tirahang nauugnay sa sakuna. Ang mga may-ari ng tirahan at nangungupahan ay maaaring humiram ng hanggang \$40,000 upang palitan ang personal na ari-ariang nasira sa sakuna kabilang ang mga sasakyan. Hindi maaaring doblehin ng SBA ang mga benepisyon mula sa iyong insurance o FEMA. Maaari kang tumanggap ng referral ng SBA kapag nag-apply ka sa FEMA. Makipag-ugnay sa SBA sa 800.659.2955 mula 8 a.m. - 9 p.m., Lunes - Biyernes o mag-email sa disastercustomerservice@sba.gov.

U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE (USDA, KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NG ESTADOS UNIDOS)

Bumisita sa Disaster Resource Center (Tanggapan para sa Mapagkukunan sa Panahon ng Sakuna) ng USDA sa [USDA.gov](https://www.usda.gov) upang maghanap ng impormasyon tungkol sa mga espesipikong sakuna at

Upang malaman kung paano ka makakatulong pagkatapos ng isang likas na sakuna, bumisita sa website ng National Voluntary Organizations Active in Disaster (Pambansang Boluntaryong

IMPORMASYON AT MGAMAPAGKUKUNAN SAPANAHON NGEMERHENSYA

emerhensya, kung paano maghanda, bumangon, at tumulong sa pagbuo ng pagmatagalang katatagan, pati na rin ang impormasyon tungkol sa tulong ng **USDA** kasunod ng mga sakuna.

Virginia Department of Emergency Management (VDEM, Kagawaran ng Pamamahala sa Emerhensya ng Virginia)

www.vaemergency.gov [f](#) VAemergency
[t](#) @VDEM

Virginia Department of Transportation (VDOT, Kagawaran ng Transportasyon ng Virginia)

I-dial ang 5-1-1 "Know Before You Go" ("Alamin Bago ka Umalis") para sa mga real-time na impormasyon sa trapiko at i-download ang VDOT 5- 1-1 app.

www.511Virginia.org [f](#) VirginiaDOT [t](#) @VaDOT
[t](#) at @VaDOTHR

Virginia State Police (VSP, Pulisya ng Estado ng Virginia)

I-dial ang #77 mula sa mobile device upang i-report ang padalus-dalos o mapanganib na nagmamaneho ng sasakyan sa Pulisya ng Estado. I-dial ang 9-1-1 para sa pinakamalapit na tanggapan ng tagapagpatupad ng batas.

www.vsp.state.va.us [f](#) VirginiaStatePolice
[t](#) @VSPPIO

National Weather Service (NWS, Pambansang Serbisyo sa Panahon)

Para sa mga aktibong alert, radar na larawan, inaasahang bagyo sa mapa at mga karagdagang mapagkukunan.

www.weather.gov

NWS at NWSWakefieldVA @NWS at
@NWSWakefieldVA

Federal Emergency Management Agency (FEMA, Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensya)

I-download ang app ng FEMA upang makatanggap ng mga alert, tips, paalala tungkol sa kaligtasan, impormasyon sa lokal na shelter at marami pa.

www.fema.gov or www.ready.gov [f](#) FEMA
[t](#) @FEMA and @FEMARegion3 [t](#) 800.621.3362

Mga Lokal na Emergency Management Office (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya) sa Coastal Virginia

Accomack - 757.789.3610
Chesapeake - 757.382.1775
Chincoteague - 757.336.6519
Essex - 804.443.3347
Gloucester - 804.693.1390
Hampton - 757.727.1208
Isle Of Wight - 757.365.6308
James City - 757.564.2140
Lancaster - 804.436.3553
Mathews - 804.725.7177
Middlesex - 804.758.2779
Newport News 757.664.6510

Northampton - 757.678.0411
Northumberland - 804.580.5221
Poquoson - 757.868.3510
Portsmouth - 757.393.8338
Richmond Suwannee - 804.333.5089
Suffolk - 757.514.4536
Surry Suwannee - 757.294.5205
Virginia Beach - 757.385.1077
Westmoreland - 804.493.0130
Williamsburg - 757.220.2332
York - 757.890.3600

Tingnan ang website ng iyong lokalidad o mga social media account para sa pinakabagong impormasyon

SAAN TATAWAG

2-1-1

24/7, mga propesyonal sa buong estado na may kasanayan na pakikilingan ang iyong sitwasyon at maghahandog ng mga mapagkukunan ng tulong gamit ang isa sa mga pinakamalaking database sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa Virginia. Bumisita sa www.211virginia.org para sa higit pang information.

3-1-1

Sa mga piling lokalidad sa buong Commonwealth, kinokonekta ng 3-1-1 ang mga tumatawag sa kanilang lokal na gobyerno, hindi pang-emerhensyang serbisyo sa mga mamamayan kabilang ang impormasyon, mga serbisyo, mga pangunahing kontak at programa.

5-1-1

Ang "Know Before You Go" ("Alamin Bago Ka Umalis") ay naghahandog ng real-time na impormasyon sa trapiko sa buong Commonwealth. Sa anumang oras na kailangan mo ito, saan ka man naroroon. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.511virginia.org.

7-1-1

Isang 24/7 na libreng serbisyo sa publiko, ang Virginia Relay ay nagpapahintulot sa mga taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, Hindi Nakakarinig at Hindi Nakakakita, mga user ng sign language, mga user na Espanyol ang sinasalita o mga nahihirapang makipag-usap sa mga karaniwang user ng telepono. Ang pag-uusap ay ibinabahagi sapagitan ng dalawa ng isang Virginia Relay Communication Assistant (CA, Tumutulong sa Komunikasyon) na may espesyal na pagsasanay.

8-1-1

Ang "Call Before You Dig - It's the Law" ("Tumawag Bago Ka Maghukay - Iyon ang Batas") ay isang libreng sentro ng komunikasyon sa Virginia para sa mga excavator (tagahukay), kontratista, may-ari ng ari-arian at mga nagpapalano ng anumang uri ng paghuhukay o pagbubungkal. Kapag bumabangon mula sa sakuna, maaaring magplanong maghukay ang isang indibidwal o negosyo. Bago gawin ang anumang paghuhukay, tumawag sa 8-1-1, kung saan patiunang hahanapin at mamarkahan ng mga kalahok na utilidad ang kanilang mga pasilidad at linya upang maiwasan ang posibleng pinsala sa katawan, pagkasira o multa.

9-1-1

Para sa mga emerhensya lamang, kabilang ang sunog, medikal, pag-uulat ng mga aksidente, nangyayaring krimen at mga kahina-hinalang indibidwal o kaganapan. Hindi tatawagan ang 9-1-1 para sa mga update sa trapiko o panahon at paghiling ng impormasyon, mangyaring panatiliing nakalaan ang linya para sa mga humihingi ng pang-emerhensyang suporta.